



Disyembre 2023

Minamahal na Customer ng Recology,

Ang Recology ay nakatuon sa pagbibigay sa iyo ng pinakamahusay na serbisyong iniaalok ng aming industriya. Bilang isa sa mga tanging kompanya sa aming industriya na 100-porsiyentong pag-mamayari ng empleyado, nakatuon kami sa pagbabayad ng sahod sa merkado sa aming masisipag na empleyado habang nag-aalok ng mga mapagkumpitensyang rate sa aming mga customer.

Noong Agosto 31, 2023, ang Lupon ng Rate ng Basura (Refuse Rate Board), na kumakatawan sa Lungsod at County ng San Francisco, ay nagpatibay ng mga bagong rate ng pagkolekta ng basura sa tirahan at apartment para sa mga Taon ng Rate ng 2024 at 2025. Pinagtibay ng Lupon ang dalawang hakbang na pagtaas ng rate ng pag-recycle, organiko, at pagkolekta para sa landfill na sinisingil sa mga customer sa tirahan at apartment. Ito ay matapos magsagawa ang Tagapangasiwa ng Mga Rate ng Basura at Lupon ng Rate ng Basura ng pitong buwang proseso ng pagtatakda ng rate, pampublikong komento, at input mula sa Mga Departamento ng Lungsod (City Departments).

Ang pinagtibay na rate ay nagpapanatili at nagpapahusay sa mga programa at serbisyong available sa iyo bilang residente o may-ari ng negosyo sa San Francisco.

Sa ilalim ng pinagtibay na Kautusan sa Rate ng Basura, magbabago ang kasalukuyang mga rate ng pagkolekta nang:

- 1.33 porsiyento sa Enero 1, 2024
- 2.55 porsiyento sa Oktubre 1, 2024

Available ang rekord ng lahat ng koleksyon at pagbabago sa rate pagkatapos ng koleksyon sa Kautusan sa Rate

Pinopondohan ng mga rate na ito ang sistema ng mga programa at serbisyo na idinisenyo para suportahan ang aming mga customer at tulungan ang Lungsod na makamit ang mga layunin sa pagkilos sa klima. Sinasaklaw din ng mga rate na ito ang mga gastos sa pagpapatakbo tulad ng sahod ng mga empleyado, mga pagkukumpuni ng sasakyan, at fuel.

Ang Recology ay nakatuon sa pakikipagtulungan sa aming mga customer para madagdagan ang dami ng pag-recycle at pag-compost, at bawasan ang dami ng materyal na ipinapadala sa landfill. Makakatulong din sa pagbawas ng iyong bayarin ang pagbabawas sa laki ng cart para sa landfill. Bukod pa rito, maaaring maging kwalipikado para sa diskwento ang mga sambahayang may mababang kita. Magpapakwalipika sa iyo para sa programa ng mababang kita na rate ng Recology ang pakikilahok sa mga programa tulad ng Pacific Gas and Electric (PG&E) CARE, CalFresh, Medi-Cal at iba pa.

Para sa karagdagang impomasyon, mangyaring bisitahin ang website namin sa [recologysf.com](https://www.recologysf.com) at i-click ang link na "2023 Adopted Rate Order" (Pinagtibay na Kautusan sa Rate sa 2023) sa homepage. Kung mayroon kang mga partikular na tanong tungkol sa iyong account,



mangyaring mag-email sa amin sa customerservice@recologysf.com o maaari mo kaming tawagan sa 415.330.1300.

Salamat sa pagiging mahalagang customer ng Recology!

Taos-puso,

Recology Golden Gate
Recology Sunset Scavenger
Recology San Francisco